# GABI NG FAMAS

MGA LARAWANG KUHA NINA PLACIDO NALLAS AT ROMEO PERALTA









*Narito ang iba't-ibang larawang kuha sa Manila Hotel noong Marso 17, nang ipagkaloob ng FAMAS ang mga gantimpala ukol sa "pinakamahusay" sa iba't-ibang kategoriya ng pelikulangTagalog ng taong 1955: (1) Ang mapapalad, mula sa kaliwa: July Hidalgo, Celia Fuentes, Panchito Alba, Rosa Rosal, Manny de Leon, Rogelio dela Rosa, Susana de Guzman, Gregorio Fernandez, Tony Maiquez, Ricardo Marcelino, at ang batang bituin ng Cebu, Ondo Juezan. (2) Si Susana de Guzman, nagkamit ng gantimpala sa pinakamahusay na "screenplay" sa kanyang "Sonny Boy". (3) Si Rosa Rosal pinakamahusay na artis-*














*tang babae, ng 1955 at Rogelio dela Rosa, pinakamahusay na artistang lalaki, ng 1955. (4) Tinatanggap ni Direktor Gregorio Fernandez ang kanyang "trophy" bilang pinakamahusay na direktor na iniaabot ni Direktor Cesar Gallardo, pinakamahusay na direktor noong nakaraang taon. (5) Si Manny de Leon, na siyang tumanggap ng "trophy" para sa LVN Pictures, sa pinakamahusay na pelikula. (6) Si Panchito Alba, pinakamahusay na katulong na bituing lalaki, habang tinatanggap ang "trophy" kay Ruben Rustia (nanalo noong 1954). Tuwang-tuwa si Etang Discher, ina ni Panchito. (7) Masigabo ang palakpakan ng pangkat ng taga-LVN ng ihayag ang pagkapanalo ni Rosa Rosl. (8) Si Celia Fuentes, pinakamahusay na katulong na artistang babae, ng 1955. (9) Si J. V. Cruz, "press secretary" ng Malakanyang, na siyang panauhing pandangal sa gabi ng FAMAS...*